7


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3

### Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement

**(Paghinuha at Pagsasabuhay ng Pagkatuto)**

Ready-to-Print




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q4_ESP7_Module3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao 7**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Ang Pahayag na Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement (Paghinuha at Pagsasabuhay ng Pagkatuto)**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jerome S. Catamio
**Editor:** Florenil M. Malabayabas
**Tagasuri:** Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo
**Tagaguhit:** Ulysis J. Galloniga
**Tagalapat:** Jerome S. Catamio, Ivan Paul V. Damalerio
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Mariflor B. Musa
Freddie Rey R. Ramirez
Danilo C. Padilla
Annabelle M. Marmol
Lany M. Semilla
Mariam B. Rivamonte
Nestor T. Rualo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig City
Telefax: 02-8631-4070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

Ready-to-Print

# 7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3

### Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement

**(Paghinuha at Pagsasabuhay ng Pagkatuto)**

Ready-to-Print

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Ready-to-Print




## *Alamin*

Sa nakaraang aralin ay natalakay natin ang kahulugan at kahalagahan ng Pahayag ng Personal ng Misyon sa Buhay at ang mga paraan kung paano makabuo nito upang maging gabay sa mapanagutang kilos at pagapapasiya tungo sa pagsasabuhay ng mithiin sa buhay at nais na buhay sa hinaharap.

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

1. Nahihinuha na ang ginawang Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay ay gabay sa tamang pagpapasiya upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga mithiin o pangarap. (EsP7PB-IVd-14.3)

2. Naisasagawa ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa buhay batay sa mga hakbang sa mabuting pagpapasiya. (EsP7PB-IVd-14.4)



## *Subukin*

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Si Joseph ay nais bumuo ng isang pahayag ng personal na misyon sa buhay. Saan dapat ito nakatuon?
   A. sa nais na kaniyang mga mithiin at tunguhin sa buhay at kung paano makakamit.
   B. sa sariling pang-interes lamang at hindi sa pangangailangan ng kapwa.
   C. sa pasiya ng kanyang pamilya at mga kaibigan
   D. sa pagmamalaki ng kanyang kakayahan at katangian sa ibang tao

2. Ano ang kabutihang dulot ng pagtatakda at pagsasagawa ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
   A. Nagkakaroon ng pag-asa upang makakuha ng taglay na talino.
   B. Nahuhubog ang pagiging mapanagutan sa pagkamit ng mithiin para sa sarili, pamilya at kapwa. kabutihang panlahat at pag-iral nito sa mundo.
   C. Nakapag-iisip ng paraan upang maging mas kilala sa inyong lugar.
   D. Nakapipili ng makakasama sa pagkamit ng misyon.

Ready-to-Print

3. Sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay kailangan isaalang-alang ang kraytiryang SMARTA. Ang ibig sabihin nito ay
   A. *Specific, Measurable, Activities, Relevant, Time-bound, Action taken*
   B. *Specific, Materials, Achievable, Related, Time-bound, Action-oriented*
   C. *Specific, Measurable, Attainable, Relevant, Time-bound, Action-oriented*
   D. *Specific, Mandate, Attainable, Resources, Time-bound, Action-oriented*

4. Bakit dapat tukuyin ang sentro ng buhay ng isang tao sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
   A. Upang sila ang gumawa ng iyong ginawang misyon.
   B. Ito ang magbibigay sayo ng seguridad, gabay, karunungan, at kapangyarihan upang isakatuparan ang misyon.
   C. Dahil sila ang magtutukoy ng iyong mga isasabuhay ng misyon sa buhay.
   D. Upang mabigyan sila ng papuri at parangal sa inyong lugar.

5. Ayon kay Sean Covey, nagkakaroon ng kapangyarihan ang misyon natin sa buhay kung ito ay:
   A. Mayroong kaugnayan sa kaloob-looban ng sarili upang mailabas ang kahulugan niya bilang isang tao.
   B. Nagagamit at naibabahagi nang tama at may kahusayan bilang pagapahayag na ating pagka-bukod tangi.
   C. Nagagampanan nang may balance ang mga tungkulin sa pamilya, trabaho, pamayanan, at iba pa.
   D. Lahat ng nabanggit.

> Nais kong maging isang magaling na inhinyero, mabuting anak, mag-aaral, at kasapi ng pamayanan. Mag-aaral ako ng mabuti upang matupad ko ito, makatulog sa aking mga magulang at sa lipunan. Susunod ako sa mga patakaran ng paaralan upang maging isang modelo sa aking kapwa mag-aaral. Magsasaliksik at mag-aaral nang mabuti upang matutuo at makakuha ng mataas na marka. Makikiisa sa mga gawain at programa ng barangay at susunod sa mga alituntunin ng barangay.

6. Ang nasa itaas ba na halimbawa ng misyon sa buhay ay masasabing *action-oriented*?
   A. Oo, dahil gumamit ito ng pangkasalukuyang kilos tulad ng mag-aaral, susunod, magsasaliksik, at makikiisa.
   B. Hindi, dahil hindi kayang abutin ito at hindi sapat ang oras sa pagtupad nito.
   C. Oo, dahil madali lamang gawin ang mga ito sa loob ng isang taon.
   D. Hindi, dahil walang nakasaad na takdang oras o panahon sa pagsasagawa nito.

Ready-to-Print

7. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ng pahayag ng personal na misyon sa buhay ang kinakailangan upang magkaroon ng mas malinaw na pagtatakda ng kung ano ang mga mithiin at nais marating sa buhay?
   A. Tiyak (Specific)
   B. Nasusukat (Measurable)
   C. Naabot (Attainable)
   D. May takdang panahon (Time-Bound)

> "(1) Magsasaliksik ng mga bagong kaalaman araw-araw sa aignaturang EsP sa mga mapagkakatiwalaang aklat at website. (2) Makikipagtulungan sa kasamang guro upang maging madali ang pagkatuto at pagsasagawa ng gawain. (3) Mag-aaral ng *master's degree* tuwing araw ng lingo upang madagdagan ang kaalaman sa loob ng 3 taon."

8. Ang halimbawa na pahayag ng personal na misyon sa buhay ay may takdang panahon ng pagkakamit nito. Bakit kailangan na may nakatakdang panahon sa pagkamit nito?
   A. Dahil ito ang magsasabi sayo kung ang iyong pahayag ng personal na misyon sa buhay ay natupad.
   B. Dahil kagustuhan mo lang ilagay sa iyong ginawang misyon sa buhay.
   C. Dahil ito ang nakasaad sa ginawang pahayag ng personal na misyon ng iyong mga kaibigan.
   D. Dahil ito ang sinabi sa iyo ng iyong guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

9. Bakit dapat isaalang-alang ang kraytiyang SMART-A sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
   A. Upang maging kapaki-pakinabang sa iyong kapwa.
   B. Upang maging malinaw at tiyak sa iyong tatahakin na buhay.
   C. Dahil ito ang mag-aangat sa iyo na maging mapanagutang tao.
   D. Dahil ito ang susi sa mga plano mo sa iyong buhay.

10. Ito ay katangian ng kraytiryang SMART-A na tumukoy sa pagiging makabuluhan ng pahayag ng personal na misyon sa buhay na may pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapwa.
   A. Tiyak (specific)
   B. Angkop (relevant)
   C. May takdang panahon (time-bound)
   D. Nasusukat (measurable)

Ready-to-Print

Aralin 3

# Ang Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay o Personal Mission Statement (Paghinuha at Pagsasabuhay ng Pagkatuto)

Sa pagkakataong ito ay iyong mahihinuha at isasabuhay ang pagbuo ng isang pahayag ng personal na misyon sa buhay o *personal mission statement.*



## *Balikan*

**GAWAIN 1: Balik–Tanaw**

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapahayag tama at **MALI** kung ito naman ay mali. Gawin ito sa iyong kwaderno.

__________1. Ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay.

__________ 2. Kailangan perpekto ang iyong gagawin na pahayag ng personal na misyon sa buhay upang ito ay mas maging epektibo.

__________3. Maaring magbago o mapalitan dahil sa patuloy na nagbabago ang tao at mga sitwasyon na nangyayari sa buhay.

__________4. Isang mabuting gabay sa ating mga pagpapasiya ang pagkakaroon ng personal na pahayag ng misyon sa buhay o *personal mission statement* dahil nabibigyan linaw nito ang nais na tunguhin sa buhay.


__________ 5. Ayon kay Covey, ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong may malalim na ugat na matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy na lumalago.

Ready-to-Print

## *Tuklasin*

**GAWAIN 2: Puno ng Pangarap**

Punan ang kahon sa Puno ng Pangarap. Isulat mo ang iyong pangarap/mithiin sa ugat ng puno at isulat mo naman ang iyong mga hakbang upang makamit ito sa bawat kahon na nasa bawat dahon.




Gabay na tanong:

1. Gaano kahalaga ang magkaroon ng isang pangarap/mithiin sa buhay? Ipaliwanag.


____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Ready-to-print

2. Bakit kailangan na akma ang mga hakbang na gagawin sa iyong pangarap/mithiin sa buhay?

3. Paano mo maiiugnay ang pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay sa iyong mga mithiin/pangarap? Ipaliwanag.

4. Ano-ano sa palagay mo ang mga dapat tandaan sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay (PPMB)? Ipaliwanag.



## *Suriin*

### PAGBUO NG PAHAYAG NG PERSONAL NA MISYON SA BUHAY O *PERSONAL MISSION STATEMENT*

Sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay (PPMB), dapat ito ay nakatuon sa kung ano ang nais mong mangyari sa mga taglay mong katangian at kung paano makakamit ang tagupmay gamit ng mga ito. Ayon kay Stephen Covey, upang makabuo ng mabuting Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay, magsimulang tukuyin ang sentro ng kaniyang buhay. Halimbawa, Diyos, pamilya, kaibigan, pamayanan. Ito ay dahil ang sentro ng buhay mo ang magbibigay sa iyo ng seguridad, gabay, karunungan, at kapangyarihan.

Ayon pa sa kanya, nagkakaroon ng kapangyarihan ang misyon natin sa buhay kung ito ay:

1. Mayroong kaugnayan sa kaloob-looban ng sarili upang mailabas ang kahulugan niya bilang isang tao.
2. Nagagamit at naibabahagi nang tama at may kahusayan bilang pagapahayag na ating pagka-bukodtangi.

Ready-to-Print

3. Nagagampanan nang may balance ang mga tungkulin sa pamilya, trabaho, pamayanan, at iba pa.
4. Isinulat upang magsilbing inspirasyon, hindi upang ipagyabang sa iba.

Kung ang isang tao ay mayroon Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay, mas malaki ang posiblidad na magiging mapanagutan siya upang makapagbahagi sa pagkakamit ng kabutihang panlahat. Makatutulong ito upang makita mo ang halaga ng iyong pag-iral sa mundo at ang misyon na dapat gampanan sa iyong buhay. Anoman ito ay dapat mong pagnilayan at ihanda ang iyong sarili kung paano mo ito sisimulan at gagawin. Mula dito, kailangan maging malinaw sa iyo ang iyong pag-iral – ikaw ay mayroon misyon na dapat gampanan.

Sa paggawa nito, isaalang-alang ang pamantayang SMART A. Ang ibig sabihin nito ay *specific, measurable, attainable, relevant, time-bound at action-oriented.* Ito ay mahalaga upang maitakda mon ang epektibo ang iyong personal na misyon sa buhay.

1. **Tiyak *(Specific).*** Kailangan ang lahat ng isusulat mo dito ay tiyak at malinaw na naiisa-isa ang mga nais at mga hakbangin upang makamit ito. Kung kaya't mahalaga na magnilay ka upang makita mo ang nais mong tahakin. Kailangan mong siguruhin ang iyong gagawin. Halimbawa, kung nais mong maging isang *accountant*, kailangan nakasaad sa iyong misyon kung ano ang mga dapat mong tunguhin tulad ng pagkuha ng *Accountancy and Business Management* (ABM) na track sa *senior high school* at mga pagsasanay na may kaugnayan sa yong nais na kurso.

2. **Nasusukat *(Measurable).*** Nasusukat mo ba ang iyong kakayahan? Kailangan na isulat mo sa iyong Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay ay kaya mong gawin at isakatuparan. Kung tiyak ang mga nakalagay sa iyong pahayag, ito ay dapat may nasusukat, maaaring mabilang at may kakayahang malaman kung ito ay nakamit na. Halimbawa, kung nais mong maging matagumpay sa buhay at makapagpundar ng yaman, kinakailangan natutukoy mo rin kung ano-ano ito at kung ano ang palatandaan na nakamit mo na ito.

3. **Naaabot *(Attainable).*** Tanungin ang sarili: Makatotohanan ba ang mga nakasaad sa aking Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay? Kaya ko bang abutin o gawin ito? Mapanghamon ba ito? Halimbawa, kung ikaw ay magtatakda na makapagtapos ng pag-aaral, itakda ang haba ng panahon na ayon sa kaya mong makamit. Ang mga kilos o hakbangin din na isasaad ay kinakailangan naaayon sa kakayahan ng tao.

4. **Angkop (*Relevant*).** Angkop ba ito para makatugon sa pangangailangan sa sarili, pamilya at kapwa? Isa ito sa kinakailangan mong tingnan at suriin. Dito ay kailangang ituon mo ang iyong isip na ang buhay ay kailangan na ibahagi sa iba. Halimbawa, kung ang misyon o layunin mo ay makatulong sa iyong pamilya matapos makapag-aral angkop ito dahil ito ang ayon sa iyong pagpapahalaga.

Ready-to-Print

5. **May takdang panahon *(Time-Bound).*** Kailangan na magbigay ka ng takdang panahon o oras kung kailan mo maisasakatuparan nag iyong isinulat. Ito ang magsasabi kung ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ay iyong nagawa o hindi. Kailangan rin na itakda ito kung pangmatagalan o panandalian lamang upang maging gabay mo ito sa iyong pagpaplano at pagapasyang gagawin. Halimbawa, kailangan mong matapos ang iyong pag-aaral ng dalawang taon sa *senior high school* at apat na taon sa kolehiyo.

6. **Nakatuon sa kilos *(Action-oriented*).** Ang pagpapahayag ng tunguhin ay kailangan nasa pangkasalukuyang kilos *(present tense).* Mainam kung naipapahayag ang mga tiyak na kilos na gagawin upang maisakaptuparan ang mga nakasaad na misyon. Iwasang ipahayag ito sa negatibong paraan o huwag magtakda ng pahayag ng personal na misyon sa buhay upang pahirapan ang sarili, gumanti sa iba o higitan ang iba. Halimbawa, magtatapos ka ng kursong *accountancy*, magsasaliksik at mag-aaral ka ng mga aralin tungkol sa kursong *accountancy*.

Tingnan sa ibaba ang isang halimbawa ng isang pahayag ng personal na misyon sa buhay na naaayon sa mga pamantayang tinalakay.


| **Pahayag ng Personal na Misyon bilang Pangulo ng *Student Government*** | |
|---|---|
| Bilang isang lider ng mga mag-aaral sa aming paaralan na may kakayahang mamahala ng organisasyon at may sapat na lakas ng loob at talino, nais kong maging isang huwaran o modelo ng katapatan sa tungkulin, paggalang sa mga guro at kapwa ko mag-aaral, pagmamahal sa paaralan at kalikasan. Makikipagtulungan sa pamunuan upang maipatupad ang mga alituntunin at batas ng paaralan. Magsusulong ako ng mga programa na mag-aangat sa antas ng mga mag-aaral (tulad ng mga patimpalak at *symposia*) at pangagalaga sa kalikasan (tulad ng *waste segregation, tree planting and clean-up drive*). Hihingi ng gabay sa mga guro sa pagpapatupad ng mga umiiral na batas. Dadalo ng iba't-ibang *seminars* at pagsasanay na may kaugnayan sa pamumuno upang higit na umunlad ang aking kakayahan sa pamumuno. Tutuparin ko ang lahat ng ito sa aking termino bilang *SSG President* sa loob ng isang taon. | |
| *Specific* (Tiyak) | Magiging huwaran at modelo sa katapatan s tungkulin, paggalang sa mga guro at kapwa mag-aaral, at pagmamahal sa inang paaralan at kalikasan. |
| *Measurable* (Nasusukat) | May mga tiyak na gawain binanggit tulad ng programa na mag-aangat sa antas ng mga mag-aaral (tulad ng mga patimpalak at *symposia*) at pangagalaga sa kalikasan (tulad ng *waste segregation, tree planting and clean-up drive*) |

Ready-to-Print

| | |
|---|---|
| *Attainable* (Naaabot) | Maisasakatuparan at maabot ito dahil sa kakayahan niyang mamahala at mamuno at sapat na talino. |
| *Relevant* (Angkop) | Angkop ang kakayahan bilang lider dahil layunin niyang makapaglingkod sa kapwa niya mag-aaral at makatulong sa paaralan. |
| Time-*bound* (May takdang panahon) | Isasakatuparan ang misyon sa loob ng isang taon bilang isang SSG President |
| *Action*-oriented (Nakatuon sa kilos) | Hihingi ng gabay sa mga guro at makikipagtulungan sa pamunuan upang maipatupad ang batas at alituntunin ng paaralan.<br><br>Magsusulong ng mga programa na mag-aangat sa antas ng mag-aaral at pangangalaga sa kalikasan.<br>Pagdalo sa mga *seminars/ webinars/ workshops* na may kaugnayan sa pamumuno. |

Kaya napakahalaga para sa isang tao lalo na sa kabataang katulad mo bumuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay. Ito ay makatutulong sa iyo na magkaroon ng tamang gabay sa iyong pagpapasiya, mahulog ang iyong mga pagpapahalaga, makapili at maihanda ang sarili sa ninanais ba buhay sa hinaharap. Ang mga ito ay bahagi ng paghubog mo ng iyong bokasyon at pagtatamo ng iyong kaganapan bilang tao.

Ready-to-Print



# *Pagyamanin*

**GAWAIN 3: SMARTA-NONG**

**Panuto:** Suriin ang pahayag ng personal na misyon sa buhay ng isang tagapangalaga ng kalikasan kung ito ay SMARTA, may pagsaalang-alang sa mabuting pagapapasya tungo sa pagkakamit ng mithiin/layunin. Lagyan ng tsek o ekis ang tapat ng pamantayan kung ito ay nakatugon at isulat ang paliwanag o puna. Gamitin gabay ang halimbawa sa talakayan. Gabay mo ang matrix sa ibaba. Isulat ito sa kwaderno.

**Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay ng isang Tagapangalaga ng Kalikasan**

Maibahagi sa mga kasama sa tahanan, mga kaibigan at sa ibang mga kabataan ang mga kaalaman na natutunan tungkol sa pangangalaga ng kalikasan. Hihikayatin ko ang aking pamilya na makibahagi sa pagtulong sa paglinis sa barangay isang beses sa isang linggo upang iligtas ang kalikasan sa tuluyan nitong pagkasira. Isasagawa ko din ang pagrerecyle at paghihiwalay ng nabubulok at di- nabubulok na basura araw-araw.

| **PAMANTAYAN** | **Tsek/Ekis** | **Paliwanag/ Puna** |
|---|---|---|
| Specific (Tiyak) | | |
| Measurable (Nasusukat) | | |
| Attainable (Naaabot) | | |
| Relevant (Angkop) | | |
| Time-bound (May takdang panahon) | | |
| Action-oriented (Kayang Isakatuparan) | | |

Ready-to-Print



# *Isaisip*


**GAWAIN 4: Liwanag ng Pagkatuto**

**Panuto:** Anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo mula sa nagdaang gawain at babasahin? Bumuo ng isang tula na naglalaman ng iyong natutuhan tungkol sa pagbuo at kahalagahan ng pahayag ng personal na misyon sa buhay. Sa pagbuo nito, kailangan ay may apat na saknong na may apat na taludturan at tugma. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Pamantayan sa pagmamarka:**

| **Pamantayan** | **Laang Marka** | **Marka ng Guro** |
|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>May kaugnayan sa paksa ang nilalaman ng sanaysay | 5 | |
| **Organisasyon**<br>Malinaw ang kaisipang inilahad, maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga inilahad na kaisipan | 5 | |
| **Kakintalan**<br>Nag-iwan ng malalim na impresyon sa isipan ang mambabasa upang makahikayat | 5 | |
| **KABUOAN** | 15 | |

Ready-to-Print



# *Isagawa*

**GAWAIN 5: Ang Aking Personal na Pahayag ng Misyon ng Buhay**

Ngayong natutuhan mo na kung ano ang kahulugan at kahalagahan ng personal na pahayag ng misyon ng buhay sa mga nakaraang gawain, handa ka nang gumawa ng iyong personal na pahayag ng misyon ng buhay na magsisilbing gabay mo sa iyong pipiliing landas.

**Ang Aking Pahayag ng Personal na Misyon sa Buhay**


______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Pamantayan sa ginawang Pahayag ng Personal na Layunin sa Buhay.

| **Pamantayan** | **5** | **3** | **1** |
|---|---|---|---|
| Tiyak (Specific) | Klaro at malinaw ang nais gawin sa misyon na ginawa. | Hindi tiyak ang ilang mga nakasaad na gawain sa misyon. | Magulo at Malabo ang nais gawin sa misyon. |
| Nasusukat (Measurable) | Kayang gawin, isakatuparan at tugma sa kakayahan. | Kayang gawin, at isaktuparan subalit hindi tugma sa kakayahan. | Hindi kayang isagawa, isakatuparan, at hindi akma sa kakayahan. |

Ready-to-Print

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nakakamit (Attainable) | Makatotohanan at kayang abutin. | Makatotohanan subalit hindi kayang abutin. | Hindi makatotohanan at hindi kayang abutin. |
| Angkop (Relevant) | Makakatugon sa pangangailangan ng iyong kapwa at prayoridad na layunin. | Makakatugon sa pangangailangan ng kapwa subalit hindi malinaw ang prayoridad na layunin. | Hindi makakatugon sa pangangailangan kapwa. |
| May Itinakdang Panahon (Time-bound) | Nakasaad nag takdang oras o panahon ng pagsasagawa ng misyon. | May itinakdang panahon subalit hindi sigurado at malinaw. | Walang takdang oras panahon na nakasaad sa ginawang misyon. |
| Nakatuon sa kilos (Action-oriented) | Gumamit ng pangkasalukuyang kilos at kayang isakatuparan. | Gumamit ng pangkasalukuyang kilos subalit hindi kayang isakatuparan. | Hindi tiyak ang kilos. |



## *Tayahin*

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay kailangan isaalang-alang ang kraytiryang SMARTA. Ang ibig sabihin nito ay
   *A. Specific, Measurable, Activities, Relevant, Time-bound, Action taken*
   *B. Specific, Materials, Achievable, Related, Time-bound, Action-oriented*
   *C. Specific, Measurable, Attainable, Relevant, Time-bound, Action-oriented*
   *D. Specific, Mandate, Attainable, Resources, Time-bound, Action-oriented*

2. Bakit dapat tukuyin ang sentro ng buhay ng isang tao sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
   A. Upang sila ang gumawa ng iyong ginawang misyon.
   B. Ito ang magbibigay sayo ng seguridad, gabay, karunungan, at kapangyarihan upang isakatuparan ang misyon.
   C. Dahil sila ang magtutukoy ng iyong mga isasabuhay ng misyon sa buhay.
   D. Upang mabigyan sila ng papuri at parangal sa inyong lugar.

Ready-to-Print

3. Ayon kay Sean Covey, nagkakaroon ng kapangyarihan ang misyon natin sa buhay kung ito ay:
   A. Mayroong kaugnayan sa kaloob-looban ng sarili upang mailabas ang kahulugan niya bilang isang tao.
   B. Nagagamit at naibabahagi nang tama at may kahusayan bilang pagapahayag na ating pagka-bukod tangi.
   C. Nagagampanan nang may balance ang mga tungkulin sa pamilya, trabaho, pamayanan, at iba pa.
   D. Lahat ng nabanggit.

4. Si Joseph ay nais bumuo ng isang pahayag ng personal na misyon sa buhay. Saan dapat ito nakatuon?
   A. sa nais na kaniyang mga mithiin at tunguhin sa buhay at kung paano makakamit.
   B. sa sariling pang-interes lamang at hindi sa pangangailangan ng kapwa.
   C. sa pasiya ng kanyang pamilya at mga kaibigan
   D. sa pagmamalaki ng kanyang kakayahan at katangian sa ibang tao

5. Ano ang kabutihang dulot ng pagtatakda at pagsasagawa ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
   A. Nagkakaroon ng pag-asa upang makakuha ng taglay na talino.
   B. Nahuhubog ang pagiging mapanagutan sa pagkamit ng mithiin para sa sarili, pamilya at kapwa. kabutihang panlahat at pag-iral nito sa mundo.
   C. Nakapag-iisip ng paraan upang maging mas kilala sa inyong lugar.
   D. Nakapipili ng makakasama sa pagkamit ng misyon.

6. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ng pahayag ng personal na misyon sa buhay ang kinakailangan upang magkaroon ng mas malinaw na pagtatakda ng kung ano ang mga mithiin at nais marating sa buhay?
   A. Tiyak (Specific)
   B. Nasusukat (Measurable)
   C. Naabot (Attainable)
   D. May takdang panahon (Time-Bound)

Ready-to-Print

“(1) Magsasaliksik ng mga bagong kaalaman araw-araw sa aignaturang EsP sa mga mapagkakatiwalaang aklat at website. (2) Makikipagtulungan sa kasamang guro upang maging madali ang pagkatuto at pagsasagawa ng gawain. (3) Mag-aaral ng *master’s degree* tuwing araw ng lingo upang madagdagan ang kaalaman sa loob ng 3 taon.”

7. Ang halimbawa na pahayag ng personal na misyon sa buhay ay may takdang panahon ng pagkakamit nito. Bakit kailangan na may nakatakdang panahon sa pagkamit nito?
   A. Dahil ito ang magsasabi sayo kung ang iyong pahayag ng personal na misyon sa buhay ay natupad.
   B. Dahil kagustuhan mo lang ilagay sa iyong ginawang misyon sa buhay
   C. Dahil ito ang nakasaad sa ginawang pahayag ng personal na misyon ng iyong mga kaibigan.
   D. Dahil ito ang sinabi sa iyo ng iyong guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

Nais kong maging isang magaling na inhinyero, mabuting anak, mag-aaral, at kasapi ng pamayanan. Mag-aaral ako ng mabuti upang matupad ko ito, makatulog sa aking mga magulang at sa lipunan. Susunod ako sa mga patakaran ng paaralan upang maging isang modelo sa aking kapwa mag-aaral. Magsasaliksik at mag-aaral nang mabuti upang matutuo at makakuha ng mataas na marka. Makikiisa sa mga gawain at programa ng barangay at susunod sa mga alituntunin ng barangay.

8. Ang nasa itaas ba na halimbawa ng misyon sa buhay ay masasabing *action-oriented*?
   A. Oo, dahil gumamit ito ng pangkasalukuyang kilos tulad ng mag-aaral, susunod, magsasaliksik, at makikiisa.
   B. Hindi, dahil hindi kayang abutin ito at hindi sapat ang oras sa pagtupad nito.
   C. Oo, dahil madali lamang gawin ang mga ito sa loob ng isang taon.
   D. Hindi, dahil walang nakasaad na takdang oras o panahon sa pagsasagawa nito.

9. Ito ay katangian ng kraytiryang SMART-A na tumukoy sa pagiging makabuluhan ng pahayag ng personal na misyon sa buhay na may pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapwa.
   A. Tiyak (specific)
   B. Angkop (relevant)
   C. May takdang panahon (time-bound)
   D. Nasusukat (measurable)


Ready-to-Print


10. Bakit dapat isaalang-alang ang kraytiyang SMART-A sa pagbuo ng pahayag ng personal na misyon sa buhay?
    A. Upang maging kapaki-pakinabang sa iyong kapwa.
    B. Upang maging malinaw at tiyak sa iyong tatahakin na buhay.
    C. Dahil ito ang mag-aangat sa iyo na maging mapanagutang tao.
    D. Dahil ito ang susi sa mga plano mo sa iyong buhay.

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 1: AKO AT ANG AKING MISYON!**

**Panuto:** Gamit ang ginawang pahayag ng personal na misyon sa buhay, gumawa ng *sticky note o bookmark* na magpapapaalala sa iyo ng iyong itinakdang misyon sa buhay. Maging malikhain sa paggawa nito. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba.





# *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Balikan | Tayahin |
|---|---|---|
| 1. A | 1. Tama | 1. C |
| 2. B | 2. Mali | 2. B |
| 3. C | 3. Tama | 3. D |
| 4. B | 4. Tama | 4. A |
| 5. D | 5. Tama | 5. B |
| 6. A | | 6. A |
| 7. A | | 7. A |
| 8. A | | 8. A |
| 9. B | | 9. B |
| 10. B | | 10. B |

Ready-to-Print

# *Sanggunian:*

**Aklat**

Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. " Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi)" Unang Edisyon, 2012:pahina 97-121

Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. "Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral"- Ikapitong Baitang Unang Edisyon, 2017, Muling limbag 2020, pahina 277, 286, at 288

Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. "Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral- Ikasiyam na Baitang" Unang Edisyon 2015, pahina 242 at 246.

*Covey, S. (1998). The Habbits of Highly Effective People. New York: Fireside*

**Internet**

Public Domain, Illustration of a tree with leaves, date retrieved. June 10, 2020, http://www.freestockphotos.biz/stockphoto/15347

Ready-to-Print

Ready-to-Print

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph